Republic of the Philippines
CIVIL SERVICE COMMISSION

Patalastas Bilang. 17, s. 2017

# PATALASTAS

**SA** : **LAHAT NG PINUNO NG MGA INSTITUSYONG KONSTITUSYONAL, MGA KAGAWARAN AT AHENSIYA SA PAMAHALAANG PAMBANSA AT LOKAL, MGA KORPORASYONG PAG-AARI AT KONTROLADO NG PAMAHALAAN, AT PAMAHALAANG PAMANTASAN AT KOLEHIYO**

**PAKSA** : **PAGGAMIT NG FILIPINO PARA SA MGA TRANSAKSIYON, KOMUNIKASYON, AT KORESPONDENSIYA OPISYAL ALINSUNOD SA EXECUTIVE ORDER BLG. 335, S. 1988**

Ayon sa Batas Republika Blg. 7104, s. 1991 ang Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) ay nilikha upang magpatupad ng patakaran ng Estado sa pagtitiyak at pagtataguyod ng patuluyang pagpapaunlad, pagpapayaman, at pagpapalaganap ng Filipino bilang Wikang Pambansa ng Filipinas, at magsasaalang-alang sa mga wikang katutubo at sa iba pang mga wikang ginagamit ng mga Filipino.

Kaugnay nito, hinihikayat ng KWF ang mga kagawaran, kawanihan, tanggapan, ahensiya at instrumentalidad ng gobyerno na gamitin ang wikang Filipino sa mga transaksiyon, komunikasyon, at korespondensiya opisyal alinsunod sa itinatadhana ng Executive Order Blg. 335, s. 1988.

Karagdagan, hinihimok pa ng KWF na isagawa ang sumusunod na aksiyon kaugnay ng pagtupad sa patakarang pangwika ng 1987 Konstitusyon:

a. Magtalaga ng isa o higit pang empleado, kung kinakailangan, na siyang mangangasiwa sa lahat ng mga komunikasyon, memorandum, korespondensiya, at iba pang katulad na dokumento na nakasulat sa wikang Filipino;
b. Magsalin sa Filipino ng pangalan ng mga opisina, gusali, espasyo, karatula, sangay, at/o instrumentalidad;
c. Gamitin ang bersiyong Filipino sa Panunumpa sa Katungkulan para sa mga Opisyal at empleado ng Pamahalaan;
d. Gawing bahagi ng mga programang pampagsasanay para sa pagdevelop ng mga empleado ang kasanayan sa paggamit ng wikang Filipino sa lahat ng komunikasyon at korespondensiya.

Dahil dito, nais ipabatid ng KWF na ang kanilang tanggapan ay nakahandang magkaloob ng pagsasanay sa mga kawani at opisyal na ibig paghusayin ang paggamit ng Filipino sa kanilang komunikasyon, korespondensiya, at transaksiyon.

Para sa karagdagang detalye at/o iba pang katanungan kaugnay ng Patalastas na ito, maaaring makipag-ugnayan kay Bb. Jona S. Guarin sa telepono bilang (02) 516-0326.

**ROBERT S. MARTINEZ**
*Komisyonado*

24 MAY 2017